

Ang Tao sa Ka-taw-an at sa Ka-tau-han: Pag-uugnay sa Pagpapakatao, Pakikipagkapuwa-tao, at Pagkatao

The Person in the Human Body: Being Human, Becoming a Human Person, Sharing the Self with 'Other' Selves

Roberto E. Javier, Jr.

Pamantasang De La Salle, Pilipinas

robert.javier@dlsu.edu.ph

Abstrak: Isang pagsasaliksik ito sa wika at lingguwistika ng 'tao' na, ang katagang ugat ng kambal na katawagang katawan at katauhan pati ugnayan nitong dalawa sa pagiging tao, pagpapakatao, pakikipagkapuwa-tao't pagkatao. Isang etnolingguwistika ang isinagawa para matuklasan sa paggamit ng wika ang mga kahulugan ng katawagang katawan at katauhan. Isa ring sikolinguwistika ito sa kaalamang kubli sa magkaugnay ngang konsepto ng katawan at katauhan. Kinapa-kapa ang kahulugan at kaalaman sa mga dokumentong nasusulat mula sa sinaunang diksiyonaryo hanggang sa mga publikasyon sa Internet ang 'tao.' Sinimulang usisain sa ilang piling kantang Pilipino ang paglalarawan sa tao. Pagkatapos sinuyod pagkatapos ang mga katawagang kasalukuyang pantukoy sa katawan na naglalarawan di lamang sa tinutukoy nito kundi sa pakahulugan sa katauhan. Sinuri pagdaka, ang mga salitang may 'tao' sa pamamagitan ng pagtukoy sa pag-iiba sa pagpapakahulugan ayon sa bagong Gramatikang Pilipino. Tinuklas sa nabuong mga salitang may tao sa pamamagitan ng pagsusuri sa panlaping ikinakabit dito, hal., kung ano ang kahulugan at anong kaugnay nitong ekspresyon at metapora. Tinukoy rin ang nakapaloob ditong hayag man o di-hayag na pag-unawa sa ugnayang katawan-katauhan. Ang salitang 'tao' kung tutuusin ay siyang 'katawan' din, katagang nilapian (ka-tao-an). Kita agad ang katawan dahil may anyo't hugis ang katibayan nito. Kaya kung sabihing 'tao po?' at nagkataong wala nga'y sapagkat walang katawan, manapa ng katauhan doon. Kaya rin mistulang mistiko o himala kung sabihing nagkatawang-tao dahil walang katibayan nito at sapagkat ito'y pag-uulit, isang negasyon ng realidad. Sinasabi pa na katawang lupa't di katawang tao. Ang tao'y kabuuan na, iisa ang katawa't katauhan. Halimbawa ang mukha sa may ka-taw-an nito ay hindi hiwalay sa ka-tau-han niya, siya ngang totoong tao. Kaya kung sabihing 'makapal ang mukha' ay dahil ito nga'y walang hiya. Ang talamak na tiwali o mandaraya't mandarambong ay sinasabihang makapal ang mukha, walang dangal, walang pagkatao. Sa sukdulan, itinuturing na 'hayop' ito. Ang pagkatao'y tinataya sa ikinikilos o iniuugali ng katawan sa pagpapakatao, dahil ito'y kaniyang katauhan o pagkatao. Ang hindi 'marunong mahiya' ay hindi natuto sa pagpapakatao o nakatatanto ng pagkatao.

Mga Susing Salita: katawan-katauhan, kapuwa, pagpapakatao, pakikipagkapuwa-tao, pagkatao, paglalapi, pag-uugat

Abstract: *This is a study in linguistics on the term tao (human) the root word of the twin concepts of katawan (human body) and katauhan (human person) and how such relate in pagiging tao (being human), pagpapakatao (becoming a human person), pakikipagkapuwa-tao (sharing the self with other selves), and pagkatao (personhood). An ethnolinguistics was done on the use of the Filipino language in expressing indigenous ideas on what their experiences are about their being, becoming and what they ought to be. A psycholinguistics was also used to understand the implicit knowledge of the Filipino in the term tao 'kept' in the concepts katawan, katauhan. A Philippine social science approach pakapa-kapa (groping) was employed in generating evidence in Filipino terminologies (of high frequency or in use today and in old dictionaries of 1613 and 1860) and grammar (system of affixation or paglalapi in Gramatikong Pilipino). Using the techniques of doing analysis of the 'word' such as scrutinizing the root word and the system of affixation in the language, meanings are derived in the process. The word tao was analyzed linguistically, i.e., with its affixes and usages as well as in the expressions and metaphors (implicit, explicit meanings of the word). Tao is katawan with affixes ka and an (ka-tao-an). The human (with the) body is certainly self-evident in the word katawan. In the expression 'tao po' (and if it happens that there is no one in the house or, if there is but would not want to appear), the one who uttered/heard such words understands what is meant, that he/she is presenting his/her being in a body (in common sense). It is interesting to note too that there is mystery in 'nagkatawang tao' as it is impossible to say so since there is a redundancy in the two words (nag)katawan(g) and tao (ka-tao-an). Thus it is non-existent as it negates the presence of tao. The expression katawang lupa is more comprehensible because lupa is a distinctly different idea with the tao. The tao is 'whole' i.e. the body and person is one, there is unity, e.g. the face (mukha) externalizes the inner soul (hiya). To say that one is 'makapal ang mukha' (thick face, bareface), he/she is 'walang hiya' (lacks dignity, walang pagkatao strongly suggestive of being shameless). Thus, despite having immense influence, as in being a powerful politician or an affluent member of society, if he/she is known to be corrupt and greedy, he/she is said to be 'makapal ang mukha'. Such being has failed to become a human person and has remained a brute, thus the expression 'hindi marunong mahiya' or 'hayop' (animal). Such shameless self is opposed to kapwa (shared self). Hiya in the Filipino is the epitome of ones being.*

Keywords: *tao (human), paglalapi (affixation), katawan (body), ka-tao-an (prefix ka-, suffix -an), katauhan (person, character), pagkatao (human being), pagpapakatao (becoming human/e), kapuwa (shared being/self), pakikipagkapuwa-tao (treating the other as oneself)*

Panimula

May tao! Ito ang biglang sambit kung bumulaga sa harapan ang hindi inaasahang naroroon pala. May naroon na kaya nasasabing pabigla, 'Ay may tao pala!' Kung kumakatok, sinasabing 'tao po?' sapagkat inaakalang may naroroon. Sakaling batid nang naroon na, sinasabi pa ring 'tao po?'. Sa una 'may tao' kaya tukoy ang tao. May tao. Sa huling dalawang 'tao po?' tinatanong ang tao at maaaring tinutukoy ang tao na nasa kanya na mismo. Anong mayroon sa mga ekspresyong 'may tao' at 'tao po'? Tao. Sa madali'y namamalas itong mabilis dahil sa may anyo't hugis na namamalas, ang katawan. Sa malaong panahon natatanto ang higit pa sa nag-anyong katibayan ng tao sa kaniyang katawan, kundi sa katauhan mismo. Samantala mahihinuhang ang katawan at katauhan ay magkatulad kung mabilisang bibigkasin, magkasintunog din. Malamang nangyaring may nabago sa wika natin (tingnan ang paliwanag sa aklat

ng mga Pilipinong lingguwista na sina Paz, Hernandez, at Peneyra 2010). Pag-uulit ang katawan at katauhan. Pakay sa papel na ito na alamin sa pagsusuri sa wika ang talaban ng etnolohiya at sikolohiya patungkol sa 'tao' na nasa katawan at katauhan na kanugnog ng pagpapakatao, pakikipagkapuwa-tao, pagkatao. Ano ang maipaliliwanag sa pang-unawang nararating tungkol sa 'tao' sampu ng mga kakawing nitong kataga na naiuugat sa 'katawan-katauhan' kung uungkatin sa wika at karanasan? Sa pagsasanib ng mga proseso ng pagsusuring etnolingguwistika at sikolingguwistika, ano ang matutuklasang kaalamang Pilipino sa paggamit ng analisis ng wika at sa pagtugaygay sa konteksto at karanasan?

Ang paraang panglingguwistika na pagsusuring ginamit ng mga Pilipinong iskolar sa kani-kanilang pag-aaral kaugnay ng 'tao' pati ang mga katutubong konseptong iniluwal nito ay buhat sa mga disiplinaryang historyograpiya, sikolohiya, at antropolohiya. Ito ang naging batayan ng kasalukuyang pag-aaral sa ideyang

‘tao’ na ginawa naman upang magbigay-dagdag pati diin sa pagpapalawig ng pagkaunawa rito. Ang mga iskolar na sinangguni para sa pagsusuri ay sina Zeus Salazar, Virgilio Enriquez, at Prospero Covar, mga paham sa agham panlipunan ng Unibersidad ng Pilipinas. Ang ibang iskolar na sinangguni rin ay mula naman sa mga pamantasan ng mga paring Heswita na sina Roque Ferriols at Albert Alejo ng Pamantasang Ateneo de Manila pati si Florentino Timbreza, iskolar mula sa Pamantasang De La Salle at Unibersidad ng Santo Tomas. Sina Ferriols at Timbreza ay mga nagpipilosopiya samantalang antropolohiya rin ang disiplina ni Alejo. Matutunghayan sa kani-kanilang mga sinaliksik at sinulat ang malaon ng pagsasanay nitong mga Pilipinong paham na balik-balikan ang wika at lingguwistika upang makahagilap ng mga ideyang pagsakatutubo.

Matagal nang sinimulan ni Zeus Salazar ang paggamit ng lingguwistika sa paglilinaw ng konsepto pati sa pagdadalumat (nasa Antonio, Ramos, at Albano-Abiera 11-18, 150-164). Itong wika rin ang naging balon ni Virgilio Enriquez (nasa Antonio, Ramos at Albano-Abiera 1-9) sa pagteteorya sa sikolohiya ng kapuwa (nasa Antonio, Ramos, at Albano-Abiera 77-88). ‘Tao po’ ito ang pambungad ni Albert Alejo (1992) sa ‘pagpasok’ sa loob ng pagkatao. ‘Tuloy po kayo’ ang karaniwang tugon sa nagta-tao po. Kung pinatuloy ay dahil taong kawangis nang nagpatuloy. Kaya naririnig ding sinasabi, ‘tao kang tinanggap, dapat ay magpakatao ka’. Sa pilosopiya, tinugaygay ni Roque Ferriols (1994) ang ‘meron’ sa tao. Pinaglaanan din ng pag-iisip ni Florentino Timbreza (2008) ang tao, ang pilosopiya ng pagkatao (269-281). Nagpapakatao nga ba kung sinasabing ‘tao po!’? Sabi sa Kapampangan *‘malagua ing maging tau, masacuit ing magpakatao!’* (madaling maging tao subalit mahirap magpakatao). Dagdag pa ni Enriquez *‘lalong mahirap makipagkapuwa-tao!’* Noon pa ma’y sinasabi na niyang may kaibahan ang ‘taong bahay o taumbahay’ sa ‘tao sa bahay’. Manapa nasimulan na niya mismo ang paghahagilap sa kultura ng paliwanag sa sikolohiya halimbawa nito ang ating paraan sa pag-unawa gamit ang sariling wika. Ang ‘taong-bahay’ ay may malasakit sa bahay na nasa kaniyang pag-iingat dahil bilin sa kaniya ito. Samantala ang ‘tao sa bahay’ ay maaaring napadpad lamang doon, panandalian, at wala talagang pakialam sa bahay na iyon. Nagbunga ng mga konseptong pinag-aralan ng mga dalubhasang nagsi-Sikolohiyang Pilipino ang

panimulang pagbabalangkas na ito ni Enriquez sa pag-iiba ng taong-bahay, tao sa bahay (nasa Pe-Pua 2015). Isinulong niya mula sa kaparang pagsusuri sa ‘ibang-tao’ at ‘hindi ibang-tao’ ang teorya ng kapuwa. Isa pang napakahalagang ambag sa pag-unawa sa tao ay buhat sa balarila sa pagkatao na sininop ni Prospero Covar (nasa Antonio at Tiamson-Rubin 131-141). Sinuyod niya sa pag-aantropolohiya ang paliwanag sa pagkatao buhat sa balarilang Tagalog ayon sa ayos at alituntunin nito. Buhat sa ginamit niyang metapora ng banga, tinukoy niya na may dimensiyon ang pagkatao – labas, loob, lalim (nasa Antonio, Ramos, at Albano-Abiera 135-149). Sa ‘pananao po’ ni Alejo binagtas niya ang ka-loob-an ng tao, kung ano ang naroon pati ang daan doon sa loob. Hinalungkat ni Timbreza ang kultura sa pag-unawa sa pilosopiya ng tao. Hindi lamang mga akademiko ang mga nag-uungkat ng hiwaga ng tao kundi maging mga nasa larangan ng arte o masining na pagganap.. Isinaawit ang pagpapakahulugan nila sa tao na naging popular na pang-unawa sa angking kalikasan nito. Lulan ng wikang Filipino, sinuyod ni Ferriols ang pamimilosopiya kung ano ang ‘meron’ sa isipan at pag-iisip. Buhat sa mga ideyang ito inihulma ang konseptuwal na balangkas ng pag-aaral na ito kung saan sa wika nagtatagpo ang danas, dama, at diwa.

Sa isinasagawang pagsusuri, tatlong balon ang pinagkukunan ng impormasyon, mga tala (dokumento - diksyonaryo, internet), termino, at talakay: (1) piling awitin tungkol sa tao (lyrics mula sa YouTube), (2) katawagan, partikular ang panawag ng Pilipino sa pisika ng tao (katawan) sa iba’t ibang bahagi nito at mga salitang may ‘tao’ sampu ng gramatika nito (sistema ng paglalapi sa salita), (3) mga sinaunang salitang Tagalog na pantukoy sa tao (diksyonaryong akda ng mga prayleng Kastilang nagmisyon sa Pilipinas noong Ika-17 siglo). Ang lapit ng pakapa-kapa sa agham panlipunang Pilipino (nasa Pe-Pua 2005) na natuklasan ni Carmen Enrile Santiago (3) ang gamit na katutubong pamamaraan sa pag-aaral na ito. Ayon nga kay Pe-Pua (2005) sa ganitong paghahagilap sa kaalamang may pagkaunawa ang Pilipino ng tumutuklas ng mga kultural na partikularidad (6).

Ang ‘maging tao’ ay madaling maiintindihan kung sa payak na paraan ito ipaliliwanag, i.e., sa pamamagitan ng biyolohiya partikular ang prosesong pangreproduksiyon ng buhay at reduksiyon sa mga paggana ng katawan. Ang gawi natin na animo’y tulak lamang lahat ng biyolohiya, ng pisyolohiya, at

pisikal na tugunan. Subalit batid natin na higit sa mga prosesong pambiyolohiya ang tao. Sa mga awiting Pilipino, isang balon na naglalarawan kung ano ang tao sa 'karaniwang' kaisipan ay matutunghayan. Sa lyrics ng mga sumusunod na awit ay may paglalarawan sa tao – Sino Ako, Ang Tao'y Marupok, Sapagkat Kami ay Tao Lamang, Mahiwaga, Tao, at Tao Lang. Ang 'pagpapakatao' ay may diin sa pagpapaliwanag na masisimulan buhat sa pagka-materyal nitong 'tao' (katawan) para matunton kung maaari nga ang 'pagpapaka' - (tao) sa katawan at, maaari ring sa metapisika nito, sa katauhan. Manapa'y maaarok ng pang-unawa kung ano ang karanasang pakikipagkapuwa-tao mula sa pagpapakatao sa pagtalos ng pagkatao. May tanong ngang 'saan ka tao?' ani Pablo Virgilo David, Obispo ng Diyosis ng Kalookan (personal na komunikasyon kay Homer Yabut 2014). Sa tanong na ito bagama't simple, sini-sino ang tao, ang pinagmulan nitong karanasan o kinalakihang kapaligiran.

Simulan natin sa mga hayag sa pagwiwika sa Tagalog ang pagtuklas sa pag-iisip ng Pilipino sa konteksto ng kanyang kiaranasan. Sa tanong na 'saan ka tao?' ano ang mailalarawang patutunguhan na maaaring may ipinagkaiba dahil sa pinagmulang daigdig ng karanasan? Maitatanong din kung may ipinag-iiba nga bang totoo ang parehong tao, kung kapuwa-tao namang talaga. Maririnig din natin ang 'taong-tao siya' o 'totoong tao' dahil mayroon naman kasing pakitang-tao o di kaya'y tau-tauhan lamang kung ituring. Ang ilan pang ideyang kaugnay nito gaya ng pinatauhan lamang ang bahay o lugar upang hindi angkinin ng iba o pamalagian ng mga maligno. May sinasabi pang turing sa kapuwa-tao ay tauhan lamang. Subalit may kapangyarihan ang dami ng tao sa bigkis ng pagkakaisa, tulad ng taumbayan. May sinasabi pang 'natauhan na' o 'wala na o nawalan ng malay tao'. May lugar na walang tao o wala namang katao-tao. Malungkot anila kung wala namang mga tao sa handaan. May itinuturing tayong walang kuwentang tao. Tunghayan sa mga awit sa Pilipino ang mga sinasabi tungkol sa tao. Sa isang awit na sinasambit ang 'pagkatao ay mayroong dangal' at 'sinong may pag-ibig, sinong nagmamahal kundi ang tao Diyos ang pinagmulan? Sinasabi ring 'ang tao'y marupok kay daling lumimot sa Diyos na ang lahat siya ang nagdulot!' O kung nagkamali o nalihis, sinasambit sa isang awit na 'sapagkat ... tao lamang'.

Idinagdag ng isa ring kanta na nagkamali dahil tao lang din. Subalit tulad ng anuman ang tao'y pumapanaw para sa kabilang buhay. Sa ganito ipinaunawa ang kalikasan ng 'tao' at hiwaga nito kaya nasasambit pa ang 'mahiwaga ang buhay.'

Natunghayan sa mga awit ang mga salitang hayag ang pagkaunawa sa kalikasan ng tao. Buhat sa mga ekspresyong naisaawit, nahagip ang isipan patungkol sa tao. Hitik sa kahulugan ang katagang naglalarawan sa tinutukoy na tao, ang ka-taw-an o ka-tau-han. Silipin natin ang tao sa mga ritwal at matutuklasan din ang ipinapakahulugan sa katawan, mandi'y katauhan. Ihalimbawa natin ang mga ritwal sa bangkay, ang patay o wala ng buhay na katawan. Pumanaw na ang tao (ka-tau-han). Kalansay na ang pisikal na anyo kung wala na ang ka-tau-han (katawan) mismo. Subalit may tila tao pang naroroon sa lamay ng wala ng buhay na katawan. Kaya mayaman ang ating ritwal sa patay. Ayon kay Lars Ubaldo (personal na komunikasyon 2014) mula sa kaniyang disertasyon, ang 'Dung-aw' na isang ritwal ng mga Ilocano sa lamay, nagbibilin aniya ang mga buhay sa isang kamag-anak na pumanaw na, para bang magkikita sila ng mga malaon nang nauna sa kanila. Narinig ko ring nag-'Dung-aw' ang aking lolang Ilocana noong ang aking tiyuhin sa ina ay namatay. Kaniyang orasyon sa harap ng bangkay ng aking amain na kung makita niya silang mga nauna na rin sa kabilang buhay ay ikumusta nila siya. Himig niya ito sa harap nga ng bangkay ng kaniyang anak habang umiiyak. Mahaba rin ang lamay para sa paghihiwalay ng mga buhay ang ka-tau-han sa ka-tau-han nang pumanaw dahil matagal ding panahon ang naging ugnayan ng mga ito. Pinaniniwalaang nasa labi pa ang pagka- - tao. May labi pa ang ka-tau-han, naiwan na ang nawalang-buhay na katawan. Naroon pa sa wala nang buhay na ka-tau-han ang siyang naging tao, nakipagkapuwa-tao't nagpakatao. Inihahatid pa ito sa huling hantungan. Sa ating mga katutubo na naglagi na sa kabundukan ng Cordillera, ang patay pa nga ay iniuupo upang animo'y kasama siya kahit pa sa kaniyang sariling lamay. May naglililing pa sa silong ng bahay para ang labi ay di lubusang mawalay. Sa lamay halos ang mabubuting maaalala lamang tungkol sa kaniyang pagpapakatao at pagkatao ang pinaguusapan. May araw pa nga tayo ng mga patay kahit pa sa ibang wika ay tinatawag itong '*all souls day*' bukod pa sa ginugunita ang 'araw ng kamatayan' ng bawat

taong nakibahagi sa ating pagpapakatao't pagkatao. Kaya yata pati ang Santo Sepulcro ng mga Romanong Katoliko, ang patay na katawan ni Hesus-kristo ay nagpapagunita pa rin sa mga Pilipinong kasapi sa simbahang ito, na pinaniniwaalaang nagpakataong totoo itong Hesus-kristo. Sa pag-aaral pa nga ng arkeologong si Joan Reyes (nasa Cantiller at Yacat 2011) sa sekundaryang paglilibing at pangangayaw, natuklasan niya ang kahalagahan ng katawan kahit pa ito'y patay na (268).

Pinagtatakan ang tao sa kamangha-manghang nagagawa nito. Maging lalong higit sa ating pagiging tao ay pinaniniwalaang nagkatawang-tao pa nga, ito para sa mga Romanong Katoliko ay sa pamamagitan ni Hesus-kristo. Sa mga ostiyang ipinamamahagi ng pari sa komunyong nila sa misa sinasambit pang ito'y 'katawan ni Kristo' na isang alaala ng pag-aalay anila ng buhay, ng isang dakilang tao. Hindi kaya pati Siyang sinasamba ay nagtataka sa tao? May mga mananampalatayang nagsasabing totoong tao si Hesus-kristo, kaya nga nagpakatao siya at hindi na kailangan pang sambahin. Ang henyong bayaning si Jose Rizal nga'y mas namangha sa pagkatao ni Hesus-kristo kaysa pagka-Diyos niya ani Lorenzo Bautista, Pastor ng Simbahang Protestante (2014). Noon pa man iniisip ng mga iskolar ang tao. Sa kabilang banda, sinasabi namang ang galaw at gawi pati damdami't isipang hindi tao ay hayop. May kaibahan ang tao kahit pa sa katulad niyang hayop, kung siya ay ituring sa disiplina ng biolohiya. Hindi lang basta maging tao, kailangang magpakatao't makipagkapuwa-tao upang iangat niya ito at hindi mapabilang sa mga hayop! Nasa mga kataga ngang kubli ang 'hiwaga' at 'pagpapahalaga' sa karanasan ng pagiging tao. Sa gayon doon natin hinahagilap at nilililaw ang 'tao' sa wika't lingguwistika partikular sa nahabing salita bilang siyang humuli nito buhat sa karanasan mismo. Gagamitin sa sumusunod na mga proseso ang pag-aanalisa sa salita para maipaliwanag ang paraan ng pagkaunawa sa konseptong tao. Kaya iyong nasa kultura, nasa wika, matutunton ang mga ito upang mabatid ang di-dagling mauunawaan. Ang wika'y batis sa etnolohiya't sikolohiya, sa kung ano ang kaisipang buhat sa karanasan, sa kultura. Sulyapan ngayon ang mga katagang ginagamit sa kasalukuyan kasama ang pagbabalarila at iyong mula pa sa mga talasalitaan nang sinaunang panahon 'ang tao.' Ang ilan sa mga salitang sinauna'y magpasahanggang ngayo'y ginagamit pa.

Wika't Lingguwistika ng Filipino

Suyurin ngayon ang lingguwistika ng 'tao' na nasa mga katagang katawan at katauhan sa Tagalog. Ang kayarian ng salita ay maaaring payak (salitang-ugat), maylapi (salitang-ugat + isa/higit pang panlapi), inuulit (kabuuan o isa/higit pang pantig sa dakong unahan na inuulit), at tambalan (dalawang salitang pinagsasama't nakabubuo ng isang salita). Naiiba-iba ang kahulugan ng kataga kapag may ikinakabit ditong panlapi, kung inuulit ang unang pantig, at kung tinatambalan ito ng isa pang salita. Ang paglalapi ay maaaring nasa unahan, gitna, hulihan, o di kaya naman ay kabilaan, at laguhan ang panlapi sa salita. Kaya may kaibahan na ang kahulugan ng nilapiang salita, samantala mauunawaan na ang ugat nito ay may tangan pa rin ng esensiya. Tinuklas na ni Salazar ang batis ng pag-aaral sa Sikolohiyang Pilipino gamit ang sikolingguwistika. Ipinakita niya ito sa pagsusuri sa 'hiya,' salita at panlapi (nasa Cipres-Ortega 1981). Sa sikolingguwistikang pagsusuri natukoy niyang naiiba ang kahulugan ng hiya kung nilalapan ito (39). Subalit hiya pa rin ang pinaka-esensiyang nababatid sa kabila ng pag-iiba sa pagpapakahulugan na ibinunga ng paglalapi. Nadiskubre niya ang mga dimensiyong bumubuo sa pang-unawa, ang loob at labas nito dahil sa ugnayan ng salita, ng ugat nito't pati ang panlapi (40). Sa isa pang pagsusuri nasimulan niya na rin ang pagsipat sa konseptong 'tao' kung saan naiugat niya ito sa katawan. Sa eksplorasyon sa papel na ito naman ay tinutunton ang 'tao' pati sa mga kakawing na pagpapakahulugan dito na buhat sa pagkaunawa sa katawan at katauhan kaugnay ng pagpapakatao, pakikipagkapuwa-tao't pagkatao.

Sa isa pang paraan ng pagsusuring sinipat ng saykayatris na si Luciano Santiago (nasa Teh at Macapagal 1999), sa pagbubuo ng salita ang pakahulugan nito buhat sa sinauna o pinagmulang morpema. Inihalimbawa niya ang mga idinugtong na mga katagang 'hati' katulad ng mga salitang luwalhati, pighati, at dalamhati. Ang 'hati' ay buhat sa lumang salita na pantukoy sa atay, sa Kapampangan ito'y 'ate' (329). 'Hati' rin sa Malay ang 'puso' na ipinantutukoy rin nilang luklukan ng emosyon (329). Ang atay ay nasa gitnang katawan kaya 'hati' nakagitna. Ito'y pinaniniwalaang sentro ng buhay sa sinaunang panahon manapa hanggang ngayon. Kung nasa masamang lagay may pig-'hati', pagdurusa. Dusang dulot ng

dinaranas na sakit. Ang may sakit sa atay ay naninilaw, nanghihina't nanlulumo. Ito ay tiyak sa pisikal na aspekto ng tao dahil katawan ang nahihirapang totoo. Kaugnay nito'y dalamhati, siphayo na dala ng labis na lungkot buhat sa sakit o hirap. Ang '*dalamhati*' rin ay pagdadalawa, paghahati (328). Kapag mangyaring nasira na ang atay ay patay ang katawan. Iisa ang kahulugan ng '*matay*' at '*patay*' di nga kasi'y nasira na ang '*atay*'. Sa mga mito natin ang pinupuntirya ng mga aswang anila'y '*atay*'. Kung may sigla't saya sa buhay dinaranas naman ang luwalhati. Ang pagluluwal ay ligaya, may sigla't saya sa pagluwal ng sanggol (330). Iisa ang ibig sabihin ng iluwa at ilabas, kaya nga kung mailuwa ang dahilan ng sakit ng tiyan ay may ginawa (331). Ang '*atay*' na nasa katawan ay siyang '*ka-tau-han*' din, kaya sinasabing '*walang atay*' ang taong nilukuban ng kasamaan, isang taong masama, pumapatay. Sa atin, di na iniiba kung ano ang nasa loob- looban sa kitang-kita na, dahil ang tinutukoy sa mga ito'y siya na ngang '*katawan*'.

Balikan natin ang '*tao*' sa katagang '*katawan*'. Ang ibig sabihin'y sa salitang '*katawan*' uugatin ang tao. Ang tao ay namamalas sa anyo, ang kataga dito'y katawan. Ang katawan ay pantukoy sa nakikitang tao. Subalit ang tao at katawan ay pag-uulit. Ang salitang '*katawan*' ay mula sa '*tao*' rin dahil ang mga katagang ka-tau-an ang bumubuo nito tulad ng tinuklas na ni Salazar. Ang mga morpemang tao, tau, tawo, at tauo ay iisang tinutukoy. Ang mga panlaping '*ka-*' sa unahan at '*-an*' sa hulihan ng tao ang siyang bumubuo ng katawan. Kaya kung ipinakikilala'y inuulit iyong katauhan. Kung gaganap ang ibang tao sa isa pa'y sinasabing siya bilang sa katauhan nito, kaya nga sila'y kapuwa-tao tulad din ng tinukoy ni Enriquez. At kung wala namang '*may katawan*' ay sinasabing may kina-tau-wan (kinatawan). Ang aako sa '*tao*' o '*katawan*' ng iba'y kinatawan kahit pa maraming tao ang akuin na kinakatawan niya. Kung akuin ang tao ng iba inaasahang pangangatawanan ang pag-ako. Ako o ang katauhan ko at ang katauhan ng iba na inako ko, kaya kinatawan ko nga'y dahil hindi kami magkaiba, tulad kong tao, kapuwa kami. Para sabihing pangatawanan ang pag-ako ay lalong pagtitiyak ito. Sakaling ang kumatawan ay maging '*kawatan*' sarili niya mismo ang pinagnanakawan.

Kung ano ang katawan ay siyang tao, buo na. Ang ikini kilos, iginagawi't iniuugali ay nasa kaniyang katawan. Tunghayan sa ilang halimbawa na kung ano ang '*nasa loob*' ay siyang namamalas dahil katawan ang

lahat na mayroon sa tinutukoy na '*tao*'. Ang ganda ng asal ay buhat sa buti ng '*loob*'. Ang gaspang ng ugali ay salamin din kaya ng pangit na loob? Ang '*loob*' kasi'y namamalas dahil '*katauhan*' ito tulad ng iyong puso (taos o tigas), bituka (kalikaw o halang), buto (maitim o matigas), dugo (lukso o bigat), utak (galing o kulang), atay ('*walang atay*' o walang budhi, walang emosyon). Ang masamang tao'y halang ang bituka di kaya'y wala sa ayos o kalikaw nito kaya maling mali. Ayon kay Covar, halang din ang kaluluwa nito (nasa Santillan, N.M.R. at M.B.P. Conde 1998) dahil hindi ito naka-ayon (83) samantalang wala namang atay ang taong walang konsiderasyon sa iba (81). Kumukulo ang dugo sa kinaiinisan o lumulukso sa kinalulugdan. Ang ganda ng loob ay nasa galaw ng katawan. Ang malambot na puso'y may awa at ang may taos na puso'y tapat. Busilak ang puso kung gumawa ng kabutihan. Kung totoong mapahiya ay tagos sa buto. Sakaling nawala ang hiya ay dahil kumapal ang mukha.

Sa isang Ingles na kanta sa kindergarten, noong isalin sa Filipino, ganito ang sinasabi, '*paa, tuhod, balik, ulo...*' Ito'y ligaw sa kulturang '*mula ulo hanggang paa*' ang sinasabi, na mas angkop sa pag-unawa sa pag-unlad ng tao. '*Mula ulo hanggang paa,*' ito kasi ang sinasabi kung ang tao'y tinataya kung sino nga ba siya. Sa ganito uusisain ang '*tao*' mula sa itaas hanggang sa ibabang katawan na aakalaing napaghahati-hati ang ka-tau-han. Tulad nang nabanggit na ang tao'y buo, '*ka-tau-han*' (katawan), hindi hiwa-hiwalay. Kaya '*ang sakit ng kalingkingan ay dama ng buong katawan.*' Sa paglalahad lamang gagawin sa '*tao*' na tila may pagtitilad-tilad, ito ay upang mapadali ang pagpapaliwanag sa mga ugnayan ng sikolohiya o pang-behavior at pang-isipan, na silang naiuugat sa wika't kultura. Tutunghayan ang '*tao*' mula ulo hanggang paa gaya ng ginawa ni Covar (nasa Santillan, N.M.R. at M.B.P. Conde 1998) sa pagtuklas sa pagkataong Pilipino sa pagbabahagi ng katawan (79). Samantala, mapupuna na ang sumusunod na pagtugaygay sa bawat bahagi ng katawan ay nakatuon naman sa mga mismong salita na ginagamit para tukuyin ang mga ito sampu ng pagdanas dito bunga ng paggana at pagganap. Masasabing ang karanasan mula sa katawan ang nagpapaunawa sa kung ano ang '*tao*' na nabubuo sa salitang ginamit. Para mapadali ang pagtugaygay sa katawan, hinahati sa tatlong bahagi-pinakaitaas o itutok nito na siyang ulo na may mukha, panggitna na mula balik

hanggang mga kamay at dibdib pati tiyan; at pang-ibaba mula baywang hanggang paa't talampakan. Sa tatlong pagpapangkat na ito matutunghayan ang lingguwistika sa katawan kung saan sinuri ang salita mula sa payak nitong anyo, sa paglalapi, kapag ito'y inuulit, kung may katambal ito at paggamit sa pang-uri para ilarawan ang nasabing kataga. Tunghayan ang suri sa salitang 'ulo' - Pang (ulo) ulo (nan) (isa) ulo, (pagsasa) ulo basag-ulo (basagulero) malaki ang ulo (mayabang) tungo ang ulo (yuko/hiya) may hangin ang ulo (mayabang) sira ang ulo (walang bait sa sarili) matalas/mapurol ang ulo (magaling/hindi magaling). Sa ganitong analisis sa mga katagang pantukoy sa katawan ang paraan para makapagpaliwanag at makabuo ng pagpapaunawa. Matutunghayan na ang pagtalakay ay ayon sa sunurang mula ulo hanggang paa kapara ito ng direksiyong *cephalo-caudal* na pagtatakda ng tunguhin ng pagbabagong pampisikal, pampisyolohiya't pangsikolohiya ng tao. Hindi rin iba ang tanaw na mula sa bahaging gitna, tulad ng tinalakay na sa sentro ng katawan ang atay bilang panggitna, ang direksiyong *proximo-distal* sa batas pang-development ng tao, na ang pag-iiba'y mula malapit sa sentrong pangnerbiyo at papalayo rito.

Mula Ulo hanggang Paa

Itaas na Katawan

Tunghayan natin ang unang sangkatlo ng katawan, ang pinakaitaas na bahagi ng ulo na prominente ang mukha ay naroroon ang mga dominanteng pandama. Tinataya ang tao sa mga tukoy na baha-bahagi ng ulo't mukha tulad ng isipan, siphayo, malay, at loob. Inilalarawan ang tao kung ano'ng iniuugali tulad kung malaki na ang kaniyang ulo dahil naging mayabang at sarili lamang ang iniintindi. May matalas ang ulo o mapurol kaya kailangang hasain ito. Sa hirarkiya, may pangulo na namumuno. Sa gayon, may sakit ng ulo ito dahil may parating sumusuway sa alituntuning itinakda. Samantala mayroong marunong mambilog ng ulo, nanlalansi. Mayroong hanap ay basag-ulo kaya basagulero. Ipinangahalili rin sa tao ang ulo sa pagtaya ng dami. Ilang ulo ang dadalo? Ang ulo ang may tangan ng utak (*otak* sa Bahasa Indonesia). Ang ulo ay *olo* at ang utak ay *otac* sa mga sinaunang diksiyonaryong Tagalog nang 1613 at 1860. Kung may isinasaulo ay may tinatandaang maigi, itinatatak sa utak. Subalit hindi ipinamamalit na pantukoy

ang utak sa ulo samantalang ang utak ay siyang isip din. May Utak ng Katipunan pati ng Himagsikan na silang nagsipag-isip para maitatag ang unang estadong Pilipino, ang Republika ng Tagalog. Subalit ang mautak kahit pa kinakikitaan ng galing ay hindi kinagigiliwan lalo na iyong inuutakan ang hamak sa kaniya. Ang ibang panawag sa pang-uutak ay 'wais' na galing sa salitang Ingles na *wise* (buhat sa *wisdom*). Mas tamang itumbas ang Ingles na *wisdom* sa paglawak ng pang-unawa at ang *wise* sa pagkamaunawain o mapang-unawa. Mas naitutumbas ang karunungan sa kaalaman at kasanayang natutuhan gaya ng pagiging marunong magbasa't magsulat, hindi mangmang. Kaya ang nagmamaang-maangan ay parang mangmang kung ayaw umamin sa nalalaman nito. Maaaring marunong subalit hindi maunawain lalo na't hindi pa maunawaan. Ang luklukan ng pang-unawa'y nasa itaas ng ulo, ang noo. Itong noo na siyang ibinababa upang ilapit sa kamay ng nakatataas o itungo ang ulo upang nakababa bilang tanda ng paggalang sa lalong may malawak na pang-unawa. Ito'y pagkilala sa pangulo o nauna sa atin, mga ninuno (pinuno). Sa noo itinatanda ang pagkilala sa higit na dakila tulad ng ipinaglalapit ang mga palad at inilalapit sa noo. Pinaniniwalaan pa na kung may malapad na noo'y may taglay na talino.

Sa ulo naroon ang mata, kilay, ilong, bibig, dila, ngipin, lalamunan, baba, leeg, at tenga na pawang lahat ng mga ito 'y nasa mukha (*mucha* sa diksiyonaryong Tagalog, 1613). Ang bawat mukha ay natatangi kaya madalas sinasabing may kahawig kang mukha. Maging ang magulang o kapatid ay magkakamukha. Kung siya ma'y mata't tenga ng pangulo ay dahil kailangan niyang magmatyag para sa kaniyang pinuno. May pikitmata sa katotohanan. Sa mata humuhusga. May mapangmata (matapobre), minamata ang kapuwa sa abang kalagayan nito, salat sa materyal, mahirap. Subalit kung ang tingin sa kapuwa'y maliit ay katulad din ng turing sa kaniyang sarili dahil magkawangis ang tao. Nakikita rin sa mata ang lungkot o saya. Kung masaya ay may kislap sa mga mata at kung may sakit ay nangangalumata. Nangungusap pa ang mga mata kung ito'y malamlam o mapungay. Ang bagyo ay namamataan tulad ng tao sa hindi inaasahan ay biglang makita kung saan. Subalit ang anumang bagay ay mawawala sa isang kispas-mata. Ang salubong na kilay ay may sama ng loob at kung nakataas ay may hindi nagugustuhan. Kung may mataas na ilong ay may pagmamalaki subalit ang may hawak sa ilong ay may

kontrol sa pasya. Sa galit ng ina sa suwail na anak sa bigla'y nasasabing 'sana'y pinisil ko na lang ang iyong ilong noong sanggol ka pa!' Paalala ito ng magulang sa anak na kumilala sa pinagmulan.

Sa pisyolohiya ng bibig, labi at ngipin may naiuugnay na mga gawi. Binibigkas natin ang 'ng' (nga) kaya may bunganga, ang buka ng bibig na kitang ngipin o kung tikom dahil nakasarang mga labi. Ang labing dikit at itinulis ay nakanguso na maaaring may itinuturo o kung nakalabi (nakababa ang ilalim na labi) ay hindi nasisiyahan. Ang kagat ng labi'y nasasaktan o nagpipigil. May bungisngis na madaling matawa o palangiti na parating may ngiti sa mga labi. Ang taong mabunganga'y masalita, maingay. Samantalang tila walang maaasahan ay nakanganga na lamang. May mga nakatunganga dahil inubos na ang biyaya. May ekspresyon pa nga na, 'ubos biyaya bukas tunganga!' Kung ano man nasa isip ay laging bukambibig. Kahit pa dinaramdam namang totoo 'ang tulak ng bibig ay kabig ng dibdib'. Ang tikom ang bibig ay takot magsalita o may inililihim. Kaya sa bibig nailalahad di lamang ang sasabihin kundi pati nga ang hindi, at sa dulas ng dila'y biglang maibubulalas ang dapat na ayaw ipabatid. Kung may madaldal ay may umid ang dila. Ang may matabil na dila'y walang pigil sa gustong sabihin kahit makasakit ng kapuwa. May kaututang-dila, laging kausap. Ang nabubulol ay nagbubuhol ang dila. Samantala ang may krus na dila'y iniwasan o ayaw man lang mapakinggan. Mas ibig na marinig ang tao na magdilang-anghel sa pagsasalita.

Kung nakapangalumbaba'y salo ng kamay ang panga sa bigat ng suliranin o di kaya'y nag-iisip kung ano ang magiging pasya at akma ng aksiyon. Ang taong nakatungo, yuko ang ulo na halos dikit sa dibdib ang baba at badya ang 'pagpapakumbaba' o pagkahiya. Kadalasang kababaang-loob ang badya ng pagyuko ng ulo lalo't sa taimtim na dumadalangin. Kung taas ang noo'y nakaangat naman na baba kaya't buo ang pagmamalaki, buong loob kung suungin ang panganib. Tulad din kapag matigas ang leeg at kung lumakad ay tuwid na pakitang yabang, tikas ng katawan o tatag ng loob. Subalit ang may hawak sa leeg ay siyang may kontrol sa iba, pumipigil sa kilos nito. Ang itinuturing namang tinik sa lalamunan ay maaring isang kinaiinisan o suliraning mahirap lampasan. Ang nagtetestang-kawali'y ayaw makinig, nagbibingi-bingihan. Kung tunay na may hiya'y magsasabing 'ano pang mukha ang maihaharap?' sa iba. Subalit ang

walang hiya'y sadyang makapal ang mukha. Samantala ang ipamukha o sabihin nang direktso ang nais ipabatid sa nagmamalabis ay pagpapakita ng tapang ng loob. Ayon kay Covar nababanaag ang saloobin sa mukha, ang isipan natin. Aniya, may kasabihan na 'ang pag-uugali'y isa lamang pangmukha.' May maamong mukha na nakalulubag ng loob at mayroong hindi maipinta. May mukhang walang malay, may malungkot at may masaya. Maidagdag pa na ang mukha ang siyang inihaharap sa pakikipag-uugnayan. Mukha rin ang ikinukubli kung may natitira pang hiya. Sa ibang pagkakataon kung ikubli man sa likod ng maskara'y tuwing may pista at paggunita lamang. Ang maskarang malulungkot tuwing Pista ng Moriones sa Marinduque ay paggunita ng mga Katoliko sa pasyon ni Hesukristo tuwing Semana Santa. Ang mukha ng mga sundalong Romano na isinusuat bilang maskara'y pagpapahayag ng loob sa pagpenitensiya. Tulad sa Espanya kung saan sinimulan ang tradisyong penitensiya, ang mga Mandarama, kung tawagin ang mga penitente sa bayan ng mga Tagalog pati ng mga Kapampangan tuwing Mahal na Araw ay nagtitika sa lansangan sa kainitan ng araw. Hubad ang kanilang katawan subalit balot ng damit ang ulo kundi man nakatakip ang mga mukha na nagbabadya ng hiya sa pagkakamaling nagawa. Kanilang pinadurugo sa hagupit ng palo ang kanilang likod hanggang sa katawan ay natigmak sa dugo sa penitensiyang kanila na ring isinakatutubo. Kaugnay rin nito ang pagpasan ng krus at pagpapapako ng katawan sa krus na pagpapakita ng pag-ako sa pagkakamali o ng kaniyang paglabag sa kautusang kaniyang natutuhan sa sinasampalatayahang relihiyon. Subalit sa Nueva Ecija ibinabalot ng mga deboto kay Juan Bautista ang kanilang katawan pati ang mukha ng putik at tuyong dahon bilang pasasalamat o pagsusumamo't paghiling sa tinagurian nilang pagsa-San-Juan. Ang masasayang maskara naman sa Lungsod ng Bacolod tanda na kapistahan sa paggunint kung paano nila hinarap noon ang hamon ng krisis sa ekonomiyang kaugnay ng pagbagsak ng industriya ng asukal. Ipinamalas nila ang tatag ng loob sa kabila ng krisis, kinayang harapin ng may saya sa kanilang mga mukha kahit pa sa kubli ng maskara. Manapa ang loob ay namamalas sa mukha.

Gitnang Katawan

Ang gitnang katawan ay mula sa balikat hanggang baywang. Halos hindi pansin ang kilikili dahil

parating tago. Kung pawisan ito, tanda ng tiyaga sa trabaho; subalit kung mangamoy, pansin agad kahit kubling-kubli. Ang balikat ang pumapasan sa bigat ng anumang dalahin, maaaring tungkulin o suliranin. Nasa balikat ang pananagutan. Binabalikat ang gawain. May balikatan upang tulung-tulong magampanan ang tungkulin. Larawan dito ang bayanihan na nasa balikat ng bawat isang pumapasan sa inililipat na bahay ang bigat ng dinadala subalit may sigla. Sa mga prusisyong pasan sa bawat balikat ang imahen ng kanilang poon ay naipakikita naman ang pagtitika. Ang pasang gahiganteng lubid ng mga deboto ng Poong Nazareno ay halimbawa ng pagtitika't sama-samang pagpapakita ng pananalig. Makikita rin sa mga penitente ang pagpasan sa krus sa balikat tuwing Mahal na Araw ng mga Katoliko. Ang pagbalikat ay pagpapakasakit ng katawan, ng ka-tau-han sa pagganap sa tungkulin o sa paghahanap ng solusyon sa suliranin. Ang latay sa likod na dulot ng hampas kung may penitensiya'y pagpapakasakit ng katawan. Sa tuwing ilalakad sa Angono, Rizal ang mga higantes na pawang dambuhalang katawang yari sa karton tuwing pista ay sakripisyo. Isa ring sakripisyo ang ipinakikita ng mga nagbabalot ng putik sa katawan at nakasuot ng tinuyong dahon ng saging sa Aliaga, Nueva Ecija bilang tanda ng pagpapakumbaba sa kapistahan ng santong Juan Bautista. Samantalang sa mga bayang ang patron din ay si Juan Bautista, binabasa ang katawan bilang paalala para sa pagpapanibagong-buhay. Saan mang simbahang Katoliko sa kapuluan, mamamalas ang mga parte ng rebulto na makikintab o halos nabura na ang pintura dahil sa pagpahid o paghaplos ng kamay ng mga deboto. Ayon kay Joan Reyes (nasa Cantiller at Yacat 2011) marahil ang mahawakan man lang ang rebulto'y mahahawa sila ng kabutihan o kabanalan nito (269). Manapa'y hango sa gamit ng kamay na panghawak ang salitang 'hawa'. Mayaman sa ekspresyon ang kamay hindi lamang ito panghipo, ito rin ay panghimas, hagod, haplos, hilot. Ganito rin ang gawi sa mga hinihipong damit ng mga poon na iniluluklok sa altar upang madampian man lamang ng kamay ng deboto. Nasa kamay ang pagpapagalang, panggagamot sa may sakit. Inihahaplos ng palad ang poon bago ito ipanghihilot sa katawang may sakit o sa anumang karamdamang idinaraing. Pansin natin agad ang pag-aantanda ng krus ng kamay na animo'y nasa tabi lang din ang kinikilalang Diyos.

Ang katawan ay may puso, бага, atay, bituka,

bato (may apdo't lapay pa) na batid ng sarili sapagkat nadarama ang paggana ng mga ito kahit tago dahil nasa loob-looban. Gayundin naroon ang sinapupunan sa babae. Ginagamit ang 'loob-looban' sa ekspresyon ng damdamin sa sinuman/anuman (hal. puso), kaya napupusuan niya. Sakali namang sakim, nais angkinin ang anuman na siya lamang kaya nasasabing 'isaksak ito sa kaniyang бага' marahil upang hindi na makahinga. Alam nating sa бага, hangin ang dumadaloy na kahit hindi literal kapag may isiksik ditong anuman ay makamamatay. Ang dinaramdam ay dinaranas na sakit gaya kung sikmuraan, sikmurain o sinisikmura. Kumukulo kung sira at mahapdi sa sakit o kumakalam kung walang laman. Subalit ang hindi masikmura'y hindi matanggap. Ang atay ay nasa gawi roon kung nasaan ang sikmura. Kung sikmurain ay dahil may sobrang asim na naroroon bunga ng hindi maayos na paggana ng atay. Gaya nang nabanggit, ang atay ay nasa gitnang katawan na siyang sentrong nagpapagana sa buhay dahil sinasala nito ang maaaring puminsala sa tao. Kung sabihing walang atay dahil walang kuwentang-tao ang tinutukoy sapagkat hindi gumagana ang kaniyang pakiramdam. Sa gawing ibaba ng sikmura naroon ang tiyan, ang bahaging may taba. Ang may malaking tiyan ay karaniwang mataba, ang payat ay may manipis nito. Nasa tiyan ang bituka. Ang taong halang ang bituka'y masama at manapa'y halang din ang kaluluwa. Ang isa namang lubos na nakikilala na sa kaniyang pag-uugali'y sinasabing pati kalikaw ng bituka'y batid na rin. Tanto na niya ang ikikilos o iuugali dahil nakikilalang lubos. Ang taong tamad ay tinutuksong may sakit sa bato. Itinutulad ang taong ito sa matigas na bagay, ang bato. Kaya nga may taong 'batugan' kung tawagin, matigas ang katawan at di nagbabanat ng buto, wala nang trabaho'y ayaw pang gumawa kahit gawaing-bahay. Tago man ang mga bahagi ito 'y naihayag din ng katawan bunga ng karanasan mula roon.

Danas-dama ng babae ang kaniyang sinapupunan sa panahong ng pagdadalantao. Ang nasa sinapupunan (sapo) ay tao na sa turing kaya nga 'ka-tau-han' na ang dala ng ina (dala-ang-tao). Mula sa sinapupunan (na mula rin sa may 'hati' o gitna) ay iniluluwal (luwalhati) ang tao. Ang katawan ng ina partikular ang sinapupunan ang siyang 'tahanan' sa loob ng siyam na buwan ng tao sa pag-unlad mula ulo hanggang paa. Ang panawag sa pinagmumulan ng tao'y bahay-bata na animo'y doon buhat ang bawat tao sa iisang 'tahanan.'

Ang bata'y katagang gamit sa Hiligaynon katumbas ng anak(c) sa Tagalog at Ilocano. Ang bahay-bata ay iyong pinagmulan ng bawat isang anak. Sa pagsilang may panibagong buhay. Sa panig ng lalaki ang bahaging kapara ng sa babae na pinagmumulan ng buhay ay bayag kung nasaan nagmumula ang kabahaging punla. Iniuugnay rito ang lakas at tapang, kaya kung sabihing walang bayag ay dahil duwag ito upang harapin ang kailangang gawin. Kung maging ama ng inianak na lalaki'y 'astig' ang sasabihing katangian niya. Astig ang binaligtad na 'tigas' o dahil naging matigas ang ari ng lalaki. Itong pagiging astig ay nangangahulugan ng pagpapakita ng lakas at tapang ng lalaki lalo't akuin ang pagiging ama. Kung sabihan siyang astig ay dahil magilas, matikas. Kung may gilas at tikas ang tindig ay ipinamamalas ang tigas at tibay ng katawan. Sa tindig ng tao o tayo ng katawan natataya ang lakas o ang hina. Mapupunang ang mga ito na nasa ilalim ng tiyan ay mga bahaging pangseksuwal. Narito ang tutukoy sa kasarian (sekso/sex). Sa Cebuano't Hiligaynon ang 'ka-tao' ay pantukoy sa kasariang panlalaki, pambabae. May pitagan kung tukuyin ang seksong pangreproduksiyon bilang 'ari' dahil ito'y pansarili. Ang mga bagay na hindi totoong bahagi ng katawan magkagayon ng katauhan ay 'ari-arian' lamang maging anuman ang halaga nitong pangmateryal. Ang mga baha-bahaging kakawing na seksuwal ay singit, hita pati ang nasa likurang bahagi, ang puwit. Noong '70 nang ipinaghigpit ang pagpapalabas ng mga pelikulang hayaan ang sex, sinasabing may 'singit' sa palabas. Hindi ipinakikita ang singit, itinuturing itong seksuwal. Hindi tama na ikaw ay maging 'singit' sa pilang napakahaba kahit ka pa nagmamadali maliban kung nasa peligrong buhay. Kung may singit na salapi sa transaksyon sa gobyerno itinutulad ito sa singit sa pelikulang markadong X, ito'y kabastusan. Hindi dapat ipinakikita maging mga hita lalo't ang puwit. Kaya nga may ekspresyong 'kita na ang kaluluwa' kung masilip man lang ang singit o puwit. Sinasabing 'nakabilad ang katawan,' na dapat ay hindi, sadya mang gawin o hindi.

Mula sa gitnang katawan makikita ang dibdib kung nasaan din ang mga suso at sa ilalim ay tadyang pati pusod sa gawing gitna ng tiyan. Buhat sa balikat naman ang bisig, ang kamay at palad pati mga daliri nito. Ang 'katawan' ay may harap, likod, at tagiliran. Sa harap nga'y may dibdib na kinaroroonan ng puso. Sinasabing ang marunong ng kaniyang pananagutan ay humaharap, ang hindi'y tumatalikod. Ang dinamd

na pangyayari'y nasa dibdib kaya mabigat o nagsisikip at kung siya'y may pagsisikap sadyang dibdiban kung gumanap sa gawain. May mga malambot ang puso (madaling maawa). May pusong-bato (matigas ang kalooban, hindi marunong maawa). May mga may pusong-mamon (malambot kung kumilos). May pusong salawahan, paiba-iba ang pili. Nasa dibdib ng ina ang buhay, dito nagmumula ang gatas sa kaniyang sanggol. Ang pagpapasuso ng ina sa sanggol ang siyang katibayan ng pagpapanatili't pagpapatuloy ng lahi ng tao. Ang pagpapasuso ay nagpapatibay ng ugnayan ng mag-ina. May pusong-ina, mahabagin, at maawain. Higit pa rito, ang suso mismo'y nagbibigay buod sa sariling katawan dahil kaugnay nito'y seksuwalidad o pagka/pagiging babae niya't pati pagkatao. Ang 'buod' ng babae ani Michelle Ong (nasa Cantiller at Yacat 2011) ay nasa kaniyang sariling pagdanas sa seksuwalidad bilang babae (83) na ina, maybahay, asawa, kapatid, kamanggagawa, o pinuno. Iisa ang sistemang nag-uugnay sa mga suso't ibang bahagi ng kaniyang pagiging babae na lubhang mahalaga sa sangkatauhan. Sa sistema ng buhay, ang suso't matris ang bumubuo nito. Ang pagkakaroon ng gatas ay bunsod ng pagsilang ng 'tao' kaya may katawan (ka-tau-han) na ang 'buhay' sa pagdadalang-tao. At sa pagsilang (pagluwal) ng sanggol may luwalhati at magkaminsan din ay dalamhati kung masawi ang isa sa kanilang mag-ina.

Ang mga ugnayan natin ay iniuugat sa iisang ina kaya magkapatid dahil naputol sa pusod na iisang pinagmulan. Ang ugnayan ng mga kasarian ay nauugat sa isang katawan, ang babae bagama't sinasabing hinugot sa tadyang ng lalaki'y siya naman ding ina ng lalaki. Ang ugnayang mayroon tayo sa paligid ay nasa ating mga tiyan kaya marahil sinasabing 'ina' ang kalikasan sapagkat biyaya ang kaloob nito. Pinupunan ito ng kung anong mayroon sa paligid kaya nagiging lamang-tiyan. Nasa tiyan ang buhay. Tinataya rin sa tiyan ang lagay ng tao. Larawan ang malaking tiyan ng maaaring sakit o di kaya ay mapag-imbong na ugali tulad ng sakim. Inilarawan ng bayaning si Marcelo del Pilar ang mapanupil na mga paring Kastila noong ika-18 siglo dahil sa pagsasamantala sa likas-yaman ng Pilipinas. Maging sa kasalukuyan, ang gahamang mga politiko'y inilalarawang may malalaking tiyan. Ang tiyan din ay pinaniniwalaan nating sinasalakay ng anumang lubhang masama sa paligid tulad ng mga pinaniniwalaang tiktik na sumisila sa tiyan ng mga

buntis na ina. May mito ng lalong masasama tulad ng mga aswang na itinutulad ang anyo sa tao at nahahati ang 'katawan' sa bahagi ng tiyan. Sila ang naninila ng mga atay, kumikital ng buhay, pumapatay. Ang iba sa mga ito'y nag-aanyong halimaw tulad ng tikbalang na pumipinsala sa 'katawan' pati mga tiyanak at espiritung hindi nakikita na nananakit o nagbibigay ng sakit sa katawan. Kahit pa ang mga hindi nananakit subalit pinaniniwalaang nagbabantay na mabubuting espiritu'y ating iginagalang kaya mahinahon ang ating galaw sa kalikasan. Kaya tayo'y nananabi (tabi po) sa sukal upang hindi makasakit ng anumang may buhay sa kalikasan kapag nasa katubigan, kabundukan, kagubatan o saan mang bahagi ng kalupaan. Kahit pa sa lungsod ay nakikita ang ganitong gawi gaya kung may nag-uusap at kailangang dumaan sa kanilang pagitan, tungo ang ulo na katulad nang nananabi sa sukal. Kaugnay nito ang kinagisnang gawi ng pagpapagaling kung ang idinadaing na sakit ng katawan ay dulot ng sadya o di-sadyang pagsagi sa mga espiritu sa paligid. Sa pagtatawas ng manghihilot ang hugis na nag-aanyo sa kandilang ipinatak sa tubig o uling na namuo sa likod ng pinggang puting lata ay sinasabing naaaninag na katawan ng nasaging espiritu sa sukal. Sa pagtukoy at pakikipag-usap sa espiritung hindi nakikita ay napapagaling ang sakit ng katawan ng taong nakasagi o nabati nito.

Buhat sa balikat, dugtong sa katawan sa kaliwa't kanan, ang mga braso't bisig, siko, pulso, mga kamay pati mga daliri. Nasa braso't bisig ang lakas, nasa kamay, palad pati daliri ang paggawa. Nababatid ang pintig ng buhay sa pulso. Hanggang sa kasalukuyan, ang sinaunang paraan ng gamutan sa pamamagitan ng pagpulso sa karamdaman ay patuloy na nakapagpapagaling. Abot-kamay ang tagumpay sa paggamit ng lakas ng bisig at paglikha ng kamay. Kapag bahagyang nakataas ang kaliwa't kanang braso't bisig at nakapalad ang kamay o nakadipa'y hayag na hayag ang katawan. Kapit-bisig ang kailangan upang lumaban sa kasamaan o itaguyod ang pagbabago. Nasa bisig ang lakas, nasa kamay ang paglikha. Karaniwang kinakamay ang pagkaing Pilipino. Kamayan ang restawran sa tabing dagat kaya masarap kumain. Kamay-kamay na bumalik dahil walang uwing anuman. Mabigat ang kamay kaya masakit kung humawak. Subalit kapag magaan ang kamay ay mapanakit. Ang kuyom na kamay ay galit. Maaari nasa kaniyang kamay ang kahihinatnan ng

pasya. Kapit-kamay para makaligtas sa sakuna. Ang kamay ay gamit sa pagkapit, pagsalat. Kapit sa pera, sa pitsa, sa politika o sa patalim. May kamay na salat o di kaya'y mahigpit ang kapit sa salapi. May kamay ring bakal. May hawak-kamay. Sa kamay nahahawa dahil sa paghawak. Ipinapahid ng mga deboto ang kanilang palad o hinahawakan ito sa paniniwalang mabibiyaaan ng grasya mula rito. Sa pamamagitan ng palad nadarama o nakadarama ng haplos, hagod, hilot, hipo, himas. May palad na mainit at may malamig. Ang mainit na palad ay nakagagaling, ang malamig ay nakabubuhay ng halaman. May kapos ang palad (kapsupalad) o kaya'y mapalad. Ang palad na gamit sa paggawa kaya naging kapalaran. Di ba't 'nasa Diyos ang awa, nasa tao ang gawa' kaya nakapalad sa paghingi ng biyaya at awa. Kung di magawa ang minimithi (nasawi) ay sawimpalad. Mapalad ang may biyayang napala buhat sa mabuting gawa. Ang kulang sa biyaya'y (kapos) kapsupalad. Ang walang-wala'y nagkapalad sa awa't limos. Walang kapalaran. Sana'y makadaupang-palad ang higit na may biyaya upang makahingi naman ng awa.

Ang sakit ng kalingkingan dama ng buong katawan. Ang daliring panturo'y gamit sa pagturing sa iba (panturo, pagtuturo, pagduro, pagturing). Ang pinakasensitibo sa pandama'y nasa hangganang dulo ng katawan gaya ng kalingkingan. Sa modernong medisina, sa madaling masaktang bahaging ito itinutusok ang karayom upang tiyakin ang tipo ng dugo ng katawan na siyang batayan ng buhay sa agham. Ang mapupulang daliri'y malusog samantalang ang mapuputla'y may sakit. Subalit lalong nakasasakit ng kalooban kaysa tusok ng karayom ang hintuturo para paratanganan o pagbintangan ng mali ang kapuwa. Higit na malakas kung sa pisyolohiya ng tao ang ugat pandama sa bahaging ito ng kamay. Kaya maging sa relasyon ang sinumang malapit sa atin na magdanas ng dusa'y dinaramdam natin. Ang balat na siyang bumabalot sa 'katawan' ay hindi lamang gamit na pananggalang at pandama sa paligid, ito rin ang nagpapadama sa hindi pisikal. Ang may balat-kalabaw ay nakatatagal sa tindi ng lamig o init sa paligid. Ang maramdamin ay balat-sibuyas, ang walang pakiramdam ay manhid. Kung kilabutan o balutin ng takot na wala namang maidahilan sa paninindig ng balahibo diumano'y may nagpaparamdam na hindi nakikita. Minsa'y parang niyapos ang katawan dahil sa nakaramdam ng lamig sa kabila ng mainit na panahon.

Ito rin ay pagpaparamdam ng isang yumao, 'katawan' na pumanaw patungo sa kabilang buhay.

Ibabang Katawan

Mula sa baywang ang ibabang katawang matatanto sa dugtungang bahagi nito, ang singit na nakarugtong sa hita at sa bahaging likuran naman ang puwit. Mula sa hita nakarugtong ang tuhod pati binti at nakakabit sa dulo ang sakong sa paa at talampakan nito. Ang nakapamaywang ay nagpapakita ng kaniyang kapangyarihan. Kung nasa dulo'y sinasabing nasa puwit ng pila, nasa hulihan. Ang singit, hita, tuhod, at binti nang ganap ng mga binata at dalaga ay ginagamit ding panukat ng mga bahaging nasa gawing itaas katulad ng baywang, dibdib, leeg, at ulo. Kung hanggang ulo na ang tubig-baha ay lunod na ang katawan subalit kung nasa binti'y makalalakad pa rito at sakaling hanggang sakong lamang ang taas ng tubig ay makapagtatampisaw pa. Kung hanggang baywang ay nasa kalahati na. Ang pamantayan din sa lipunan ay sinusukat sa suot gaya kung lagpas sa tuhod at nakatagong hita ay katanggap-tanggap. Samantala, kung litaw o labas na ang singit ay seksuwal na ito kung ituring sa lipunang umiiral na pamantayan ay pagtatakip sa katawan bilang tanda ng paggalang. Ang hanggang tuhod ay sangkapat ng tao at kung ito ay tubig-ulang naipon sa kalsada, malaki na ang baha. Manapa'y minamarapat na hanggang tuhod ang takip ng katawan upang hindi malunod ang makakikita. Sa saklaw ng ugnayan, may apo sa tuhod na anak ng kaniyang apo. Kung buhay pa ang pinakamatandang magulang sa pamilya, ang mga apo ng kaniyang apo'y mga apo na sa talampakan. May mahina na ngunit may malakas pang tuhod. May matatandang malakas ang mga tuhod subalit kung mahina na'y dahil labis nang matanda ang katawan. Ang tuhod na itinupi'y nakaluhod. Kung nakaluhod na'y nagpapakababa katulad kung dumudulog sa dalanginan. Kung naninikluhod naman ay humihingi ng habag, ng kapatawaran. Sa masidhing nananalangin, lumalakad nang paluhod patungo sa altar. Ang aking lola sa ama'y deboto ng Nazareno sa simbahan sa Quiapo at noong nabubuhay pa't malakas ang tuhod ay lumalakad nang paluhod patungong altar habang nagdarasal. Ang lumakad nang walang sapin ang paa'y lalong aba't totoong pagpapakababa. Sa mga namamanata, nakapaa sila sa mabato't mainit na aspalto ng kalsada, hindi alintana

ang dumi ng daan pati panganib na matibo sa tuwing ipinuprusisyon ang imahen ng Nazareno. Sa Banahaw, ang mga mananampalataya'y nakayapak sa kanilang pamumuwesto sa mga yungib at akyat-baba sa bundok na habang inuusal ang dalanging kahabagan sila ng higit na nakapangyayari. Sa pagsapit sa hangganan ng buhay nagpapantay rin ang paa sa lupa.

Natunghayan sa baha-bahagi ng katawan ang karanasan sa pagiging 'buhay' hindi lamang sa paggana at paggamit nito kundi sa pamamagitan ng mga ito'y nakapag-uugnay sa atin ang ibang may buhay sa kapaligiran, at tayo sa kalikasan maging sa kalawakan (*cosmos*). Naiugat sa paggamit ng wika hindi lamang bilang pantukoy sa anatomiya't pisyolohiya ng katawan kundi ang karanasan mismo rito na nagbubunga ng katauhan. Buhat dito napag-uugnay ang katawan at katauhan. Ugatin muli sa katagang katawan-katauhan ang tao mula sa matanda o sinauna at sa makabagong kahulugan nito pati sa kakawing na pananalita gayundin sa naobserbahang mga pagbabago sa lingguwistikang Filipino.

Sa makabagong balarila nina Santiago at Tiangco (2003) huhugutin ang pagpapakahulugan sa 'tao' kapag nilalapian ito. Ayon sa kanila ang 'tao' ay salitang pangnilalaman, isang pangngalan o nominal. Anila, sa pagbibigay ng katuturan ng pangngalan ay magagamit ang pagpapakahulugang pangsemantika at panglingguwistikang estruktural. Sa pansemantikang paraan, ang 'tao' ay pasalitang simbolo at ngalan din sa tinutukoy na 'tao'. Ang pangngalang 'tao' ay tahas (direkta) ayon sa pag-uuring pangsemantika dahil tumutukoy ito sa bagay na materyal at hindi sa diwa o kaisipan. Manapa, ang 'tao' ay ipinapakahulugan na bagay dahil may anyo ito sa aspektong materyal. Ang anyong ito'y ang katawan na siya mismong mayroon sa bawat isa sa atin, obhetibo't kongkreto. Buhat sa binabanggit na balarilang bago, nagkakaroon ng higit sa isang kahulugan ang kataga sa paglalapi. Ang katagang katauhan (ka-tau-han) ay may panlaping ka-, -han. Ang mga panlaping ka- -an at ka- -han ay nagsasaad na may relasyong tambingan, kabasalan ng diwang taglay ng salitang-ugat, isang pangkat ng bagay, kasukdulan, pinakagitnang bahagi o kasagsagan ng pangyayari, pangngalan ng bagay, ng bunga, ng kilos o diwang isinasaad ng salitang-ugat. Ang mga panlaping pa-, paki-, pakiki-, pakikipag- ay pawang nagsasaad ng kilos kung ikinakabit sa unahan ng salitang ugat. Ang panlaping pagka- sa unahan ng

salitang ugat ay tumutukoy sa kalikasan ng bagay. Samantalang ang panlaping sang- na galing sa 'isang' at han- sa 'sangkatauhan' ay nagsasaad ng kabuuan ng tanan. Sa paggamit ng mga panlaping makadiwa may kahulugang isinasaad ang iba't ibang nabubuong salita. Ang mga panlaping ito'y magpaka-, ma- -han, makipag-, at paka- -an/paka- -han. Gayundin naman marami pang pagpapakahulugan sa 'tao' kapag ginamitan ng mga panlaping makauri gaya ng ma-, maka-, pang-/pan-, -han, sa pang-uring inuulit (may pag-uulit sa salitang-ugat o salitang maylapi), at tambalan (binuong buhat sa dalawang salitang pinag-iisa). Sa analisis sa 'tao' at 'katawan' pati katauhan gamit ang paglalapi, matutuklasang magkakapareho ang tinutukoy ng mabubuo nito, ang tao ay katawan, ang katawan ay katauhan.

Sinupin pa natin mula sa mga sinaunang salitang pantukoy o pantiyak ng mga Pilipino noong Panahon ng Pananakop ng mga Kastila sa kung ano ang tao't katawan pati katauhan. May katibayang nahagilap sa diksiyonaryong binuo mismo ng mga Kastilang prayle sa Tagalog na siyempre'y may salin sa lengguwahe nila. Sa diksiyonaryong binuo nina De Noceda at De San Lucar (1860), nakatala ang 'catauan' (*entregar su negocio a otro como a su propia persona*) at catao-an (*tomar cuerpo humano*). Sa diksiyonaryo ni De San Buena Ventura (1613) ang cataoan ay 'cuerpo' (*de humano o animal*) na ginagamit para tukuyin ang katawang walang buhay o bangkay (patay).

Ayon kay Emmanuel Gonzales (personal na komunikasyon 2015, naging tagapamuno ng Filipino Department sa Far Eastern University) may nangyayaring asimilasyon sa ating wika bunga ng hinihinging paraan sa pagsasalita, katulad ng mabilis na pagbigkas upang madaling maunawaan. Sa gayon, ang mga ponemang /u/ ay hinahalinhan ng /w/ at ang ponemang /o/ ay nagiging /w/ at /u/. Sa paggaan ng pagbigkas, madaling naipabatid ang ibig sabihin. Ang salitang 'tao' at 'catao-an' ay isinulat noon sa Romanong alpabeto ng mga misyonerong paring Kastila. Sa *Vocabulario de la Lengua Tagala* ng mga Agustinong misyonerong sina Juan De Noceda at Pedro De San Lucar (1860), ang mga katagang katawan at katauhan ay magkatulad. Sa mas sinaunang diksiyonaryo ng Pransiskanong misyonerong si Pedro De San Buena Ventura (1613), ang salitang 'cataoan' ay 'cuerpo' o 'corpus' na sa atin ay 'laman'. Ang 'cuerpo' sa mas lumang vocabulario na ito na unang itinuring na

'cataoan' ay 'cuerpo' rin para sa 'bangcay' at sa 'patay' o nawalang-buhay na tao (207). Sa gayon, ang tao at katawan ay iisa, may buhay o mawalan man nito, tao pa rin. Hindi nakapagtataakang ganoon na lamang ang ating paggalang sa patay (hal. mahabang lamay) pati sa bangkay (hal. ang Santo Sepulcro sa Simbahang Katoliko).

May mga matutunghayang pakahulugan para sa pagkatao pati sa kapuwa-tao mula sa mga katagang inilagak sa nasabing diksiyonaryo. Sa diksiyonaryo nina De Noceda at De San Lucar, nakatala ang 'tao' sa Tagalog at sa Kastila'y 'hombre' [patauhan (*cosa que se manda guardar*)] o 'gente' [may tao sa simbahan (*hay gente en la iglesia*)]. Naroon sa diksiyonaryong iyon ang 'catauhan' (*humanidad*), 'catauan' (*es sincopa de catauhan*), at 'quinatauhan' (*costumbre o' uso de algun hombre o de todos en comun*). Sa diksiyonaryo ni De San Buena Ventura (1613), ang 'tao' sa Kastila'y 'persona' na inilalarawang Indio (katutubo), lalaki (*hombre*), pati ang kaniyang pagiging tao [(*lenteal*) ser]. May tinatawag ding tao sa damo (*salvaje*) o masama (asal hayop) (701).

Ginagamit ang Katawan na Metapora ng Pagpapakatao

Hindi tilad-tilad na dinaranas ang katawan sapagkat sa tuwinang nakikipag-ugnay ay nagpapakatao. Sa pagdaan sa mga karanasan sa ka-tau-han nahuhubog ang pagkatao. Ang ugali, gawi, at kilos ng katawan ay nauuwi sa puntong magtatangi sa mga tao mula sa ibang bagay lalo na sa mga hayop. Ito ang pagkatao. Higit sa anumang bagay, ang tao sa kaniyang pagkatao. Mula sa mga salitang ginagamit na pantukoy sa gawi't gawa nauuwi ito sa mga bagay na nagpapaiba sa tao. Sa ganitong punto, nababatid ang mga salita at sinasabi ay kalipunan ng kilos at karanasan na kung tawagin natin ay kultura. Sa ating unawa ang ka-tau-han o katawan ay higit pa rito. Kung mangako'y kailangang pangatawanan dahil nakataya ang ka-tau-han. Ang pag-ako sa pangako at hindi sa pagpako nito nababatid ang pagkatao. Manapa, sinasabing pakitang-tao kapag hindi pinanga-tau-anan ang pang-ako, pag-ako. Kung siya nama'y nakatatayo dahil kaya na nitong suportahan ang katawan. Magkatulad ang 'tayo' at 'tindig'. Ang taong kaya nang akuin ang pananagutan sa buhay ay nakatatayo na sa kaniyang sariling paa. Buhat dito'y nauunawaan na ang kahulugan ng paninindigan

sapagkat ang pagtayo ay pagtuwid ng ka-tau-han/katawan. Ang tindig ay tuwid, kung sa gayon, ang paninindigan ay pagiging tuwid o pagtutuwid. Ang tuwid ang hinanguan ng katwiran. Ang matuwid ay makatwiran, ang nasa katwiran ay tama. Ang makatayo sa sariling paa'y siyang tama kagaya ng manindigan dahil ito ang dapat, ang katwiran.

Ang kapuwa-tao ay katulad ng ka-tau-han. Inisa-isa natin sa gawing unahan ang ugnayang mayroon tayo sa isa't isa na ibinubunga ng pagdanas sa katawan. May kapatid sa pusod, sa pananampalataya. May kadaupang-palad, kaututang-dila, kakapit-bisig, kabalikat sa buhay. Sinimulan ang buhay sa sinapupunan ng ina na nagdalantao. Ang apo sa tuhod pati sa talampakan ay mga anak ng mga anak at ng mga apo. Ang kaisang-dibdib ay kabiya ng puso. May isang dugong nananalaytay kaya may lukso ng dugo, dahil siya'y kadugo. Kung kunin man ang iyong kamay at idikit sa kaniyang noo ay dahil nakahihigit o nauuna ka na sa kaniya. Sakali namang ilapit sa kaniyang dibdib ang iyong kamay upang iyong damhin ang tibok ng kaniyang puso ay dahil mahal ka niya. Kung magkahawak-kamay kayo'y dahil magsing-irog kayo. Ito'y pakikipag(kapuwa) ng ka-tau-han bilang tanda ng pagkilala at pagpupugay sa pinagmulan ng kaparang tao. Gayundin kung ikaw'y maging pangulo sapagkat mamumuno ka sa (kapuwa) ka-tau-han. Kung ikaw naman ay maging mata't tainga ay dahil ikaw na ang ka-tau-hang magmamatyag at makikinig. Sa masinsing pagtingin sa kapuwa-tao at katawan (ka-tau-han) makikita na pareho ang mga ito kaya ka(puwa) tau(o)an. Ang sakit nga ng kalingkingan, dama ng buong ka-tau-han (ka/puwa-tau/o-an). Samakatwid, mahirap magsabing 'wala ka sa kaniyang kalingkingan' sapagkat ikaw ding nagsabing kaniyang kapuwa. Manapa'y mabuti pang sabihing 'ka-puwa ko, mahal ko!' Ang i(sang)ka-tau-han ay kapuwa. Ang may malasakit (sakit ng kalingkingan) ay siya ngang kapuwa-tao.

Sapagkat 'tayo ay tao lamang' kaya nagkakamali. May hangganan ang ka-tau-han (tao) kahit na sabihing may buhay pa sa kabila. Sabi pa sa isang awit, 'ang tao'y marupok, kay daling lumimot'. Kaya sinuman (sa sang/ka-tau-han) ay magkakamali sampu ng anumang kalipunan ng ka-tau-han. Habang may buhay na ka-tau-han (katawan) patuloy ang pagiging at ang pagpapa-ka-tau-han/tao. Itutuwid ang baluktot, iiwas sa buktot at tutuntunin kung ano talaga ang (ma)tuwid na tao.

Sa pagpapakatao, nagtatagpo ang mga ka-tau-han (kapuwa-tao). Dito may patutunguhan ang mga ka-tau-han at ito'y nailahad sa gawing unahan tulad ng maging kinatawan, pagiging pangulo, pagdaop ng mga palad, pag-iisang dibdib, pagdikit ng kamay ng nakatatanda sa iyong noo, pagpapasuso ng ina sa kaniyang sanggol, pagbalikat sa problema, pangunguna ng pangulo sa tama, pag-ako sa obligasyon, pangatawanan ang pananagutan o panindigan ang katwiran pati paghawak sa poon para sa kagalingan. Sa nagpakilalang 'tao po' ay pinatuloy, nag-alis ng kaniyang sapin sa paa bilang tanda ng pagpapakumbaba't paggalang sa kapuwa-tao. Natunghayan natin na ang katawan ay nakikipag-ugnay sa kapuwa. May nasa ulunan (ulo) o paanan (paa), may kaliwa't kanang kamay. Ang oryentasyon ng katawan sa pisikal na paligid ang ginagamit sa relasyon sa kapuwa kung nasa harap, likod o tagiliran. Harapin ang suliranin, hinaharap ang tumuligsa, harapan ang usapan. Tinalikuran ang kausap, patalikod kung lumaban. May tagiliran ang katawan kaya may katabi, kasiping. Kung hindi matuwid o wala sa ayos ay dahil lumihis kaya anila'y tagilid ang tao (ka-tau-han). Mahihinuha ang gitnang katawan ay iyon mismong tinutukoy na 'katawan' dahil dito danas-dama ang taglay na buhay.

Sanggunian

- Aguiling-Dalisay, Grace H., Jay A. Yacat at Atoy M. Navarro. *Extending the Self: Volunteering as Pakikipagkapwa*. Quezon City: University of the Philippines, 2004. Print.
- Alejo, S.J., Albert E.. *Tao Po! Tuloy!: Isang Landas ng Pag-unawa sa Loob ng Tao*. Quezon City: Ateneo de Manila University, 1992. Print.
- Antonio, Lilia F., Anatalia G. Ramos, at Aura Albano-Abiera, mga ed. *Mga Babasahin sa Sikolinguistikang Filipino*. Quezon City: C & E Publishing, Inc., 2011. Print.
- Antonio, Lilia F. at Ligaya Tiamson-Rubin. *Sikolohiya ng Wikang Filipino: Mga Simulain, Pamamaraan at Nilalaman*. Quezon City: C & E Publishing, Inc., 2003. Print.
- Bautista, Lorenzo C. "Paghubog sa Pagpapakatao at Pakikipagkapwa-tao: Ang Papel ng Simbahan sa Paghubog ng mga Pahalagang Pinoy." Maynila: Pamantasang De La Salle, 2014. Papel na ipinisinta sa Plenaryong Sesyon ng Ika-39 na Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino.
- Belita, C.M. Jaime A., ed. *And God Said: Hala!: Studies in Popular Religiosity in the Philippines*. Manila: De La Salle University Press, 1991. Print.

- Bernardo, Allan B. I. "Language and the Learning Process: Insights from Contemporary Psychology Perspectives." *Layag: Opisyal na Jurnal ng Departamento ng Sikolohiya ng Pamantasang De La Salle*. Tomo III. Manila: De La Salle University Press, 1998. Print.
- Cipres-Ortega, Susan. "Ulat ng Ikalabindalawang Seminar sa Sikolohiya ng Wika: Kasalukuyang Kalakaran ng mga Pagsusuri sa Sikolohiya ng Wika." Quezon City: University of the Philippines, 1981. Print.
- De Noceda, OSA Juan Y Pedro De San Lucar, OSA. *Vocabulario de Lengua Tagala*. 1860. Print.
- De San Buena Ventura, OFM, Pedro. *Vocabulario de Lengua Tagala*. British Museum, 1613. Print.
- Enriquez, Virgilio G. *From Colonial to Liberation Psychology: The Philippine Experience* (International Edition). Manila: De La Salle University Press, 1994. Print.
- . *Filipino Psychology in the Third World*. Quezon City: Akademya ng Sikolohiyang Pilipino, Philippine Psychology Research and Training House, 1989. Print.
- . at Elizabeth P. Marcelino. *Neo-Colonial Politics and Language Struggle in the Philippines: National Consciousness and Language in Philippine Psychology 1971-1983*. Quezon City: Akademya ng Sikolohiyang Pilipino, Philippine Psychology Research and Training House, 1994. Print.
- . "Ang Kaisipang Pilipino sa Sikolohiyang Malaya at Mapagpalaya." *Malay: Dyornal ng Humanidades at Agham Panlipunan*. Tomo V, Bilang 2. Manila: De La Salle University Press, 1986. Print.
- Ferriols, S.J. Roque J. *Pambungad sa Metapisika*. Quezon City: Ateneo de Manila University, 1994. Print.
- Fromkin, Victoria, Robert Rodman, Nina Hyams. *Introduction to Linguistics* (Philippine Edition). Singapore: Cengage Learning Asia Pte. Ltd., 2010. Print.
- Guanzon, Ma. Angeles. "Tungo sa Pagsukat ng Pagkataong Pilipino." *Malay: Dyornal ng Humanidades at Agham Panlipunan*. Tomo IV, Bilang 1-2. Manila: De La Salle University, 1985. Print.
- Medina, Buenaventura Jr. S. "Saling-Talinghaga: Tao, Tula at ang Totoo." *Daloy: Dyornal ng Departamento ng Filipino*. Tomo II, Bilang 1. Maynila: Pamantasang De La Salle University, 1992. Print.
- Mendez, Paz Policarpio at Felipe Landa Jocano. *The Search for the Filipino Soul: Anthology of Selected Researches in Anthropology*. Manila: Centro Escolar University Research and Development Foundation, 2007. Print.
- Mendoza, Roberto M. "Lalim at Liwanag." *Layag: Opisyal na Jurnal ng Departamento ng Sikolohiya ng Pamantasang De La Salle*. Tomo III. Manila: De La Salle University Press, 1998. Print.
- Obusan, Teresita B., Raymond M. Cosare, at Minifred P. Gavino. *Baybayin Atbp.: Mga Pag-aaral at Pagpapayaman ng Kulturang Pilipino*. Quezon City: WWCEA Graphic Services, 2012. Print.
- . at Angelina R. Enriquez, mga ed. *Pamamaraan: Indigenous Knowledge and Evolving Research Paradigms*. Quezon City: University of the Philippines, 1994. Print.
- Ong, Michelle G. "Katawan, Sarap, Babe (Hindi ito Porno)." *Isip: Mga Kaisipan sa Sikolohiya, Kultura, at Lipunang Pilipino (Gaan at Gana sa Buhay – Sikolohiya ng Sarap, Ligaya at Ginhawa)* Tomo 1. Quezon City: National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc., 2011. Print.
- Paz, Consuelo J., Hernandez, Viveca V. at Irma U. Peneyra. *Ang Pag-aaral ng Wika*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2010. Print.
- Paglinawan, Mamerto. *Balarilang Tagalog*. Project Gutenberg Ebook, 1910. Online.
- Pe-Pua, Rogelia E., ed. *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo, at Gamit*. Quezon City: UP Press, 2010. Print.
- . *Kros-Katutubong Perspektibo sa Metodolohiya: Ang Karanasan ng Pilipinas*. Quezon City: Binhi, Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino, 2005. Print.
- Reyes, Joan Tara S. "Ginhawa mula sa Patay: Isang Pag-aaral sa Kahalagahan ng Katawan sa Bogwa (Sekundaryang Paglilibing) at Pangangayaw sa mga Ifugao at Kankanay." *Isip: Mga Kaisipan sa Sikolohiya, Kultura, at Lipunang Pilipino (Gaan at Gana sa Buhay – Sikolohiya ng Sarap, Ligaya at Ginhawa)* Tomo 1. Quezon City: National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc., 2011. Print.
- Santiago, Alfonso O. at Norma G. Tiangco. *Makabagong Balarilang Filipino (Binagong Edisyon)*. Manila: Rex Book Store, 2003.
- Santillan, N.M.R. at M.B.P. Conde, mga ed. *Kasaysayan at Kamalayan: Mga Piling Akda Ukol sa Diskursong Pangkasaysayan*. Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan (LIKAS), 1998. Print.
- Shilling, Chris. *The Body and Social Theory*. London: Sage Publications Ltd., 2011. Print.
- Salazar, Zeus A. *Liktao at Epiko: Ang Takip ng Tapayang Libingan ng Libmanan, Camarines Sur*. Quezon City: Bagong Kasaysayan (BAKAS), 2004. Print.
- . *Sikolohiyang Panlipunan-at-Kalinangan: Panimulang Pagbabalangkas ng Isang Larangan*. Quezon City: Palimbagan ng Lahi, 2004. Print.
- . *The Malayan Connection: Ang Pilipinas sa Dunia Melayu*. Quezon City: Palimbagan ng Lahi, 1998. Print.
- Teh, Lota A. at Macapagal, Ma. Elizabeth J. mga ed. *Readings in General Psychology*. Quezon City: Ateneo de Manila University, 1999. Print.
- Timbreza, Florentino T. *Sariling Wika at Pilosopiyang Filipino*. Quezon City: C & E Publishing, Inc. 2008. Print.
- Timbreza, Florentino T. "Pagkataong Pilipino: Dalawang Mahalagang Sangkap." *Unang Dekada ng Sikolohiyang Pilipino: Kaalaman, Gamit, at Etika*. Quezon City:

- Pambasang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino, 1999. Print.
- . “Ano nga ba ang Buhay?” *Malay: Dyornal ng Humanidades at Agham Panlipunan*. Tomo IX, Bilang 1. Manila: De La Salle University Press, 1992. Print.
- . “Pakikipagkapwa-tao.” *Daloy: Dyornal ng Departamento ng Filipino*. Tomo I, Bilang 1. Manila: Pamantasang De La Salle University, 1992. Print.
- . “Pagkataong Pilipino: Kaalaman, Gamit at Etika.” *Malay: Dyornal ng Humanidades at Agham Panlipunan*. Tomo V, Bilang 2. Manila: De La Salle University Press, 1986. Print.
- Ubaldo, Lars Raymund. “Dung-aw, Pasion ken Panagbiag: Tatlong Hibla ng Pakasaritain ti Biag ng mga Ilokano.” Quezon City: Unibersidad ng Pilipinas, 2003. Dinalathalang Disertasyon. Print.
- Velazco, Gundelina A. “Ang Sikolohiya ni Francisco Baltazar sa Florante at Laura.” *Malay: Dyornal ng Humanidades at Agham Panlipunan*. Tomo XI. Manila: De La Salle University Press, 2003. Print.
- Yacat, Jay A. “Making Sense of Being and Becoming Filipinos: An Indigenous Psychology Perspective.” *Philippine Journal of Psychology*. Volume 38, Number 2. Quezon City: Psychological Association of the Philippines, 2005. Print.